Mensahe Tatlo

**Ang Pagtatayo ng Diyos ng Kanyang sarili kay Kristo tungo sa Ating Katauhan**

Babasahin sa Kasulatan: 2 Sam. 7:12-14a; 1 Cor. 3:9; Efe. 3:14-21; Mat. 13:3-39, 19-23; Apoc. 21:3, 22

**I. Ang 2 Samuel 7:12-14a ay ang paghahayag ng isang propesiya sa pamamagitan ng tipolohiya na nagpapakita sa atin na kailangan natin ang Diyos upang itayo si Kristo tungo sa ating intrinsikong pagkakabuo upang ang ating buong katauhan ay mabuoang muli ni Kristo—Mat. 16:18; Efe. 3:17:**

A. Ang organikong pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng proseso ng espiritwal na metabolismo sa katunayan ay ang ipinropesiya ni Jehovah kay David sa paraan ng tipolohiya sa 2 Samuel 7:12-14a; tanging sa pamamagitan ng ganitong proseso na matatransporma ang mga tao tungo sa mga anak ng Diyos at na isang bagay na pantao—ang pantaong binhi—ay magiging isang bagay na dibino—ang mga anak ng Diyos.

B. Upang maganap ang pagtatayo ng Diyos, kailangan nating tanggapin, tunawin, at asimilahin ang organiko, malahanging Kristo, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay, bilang ating espiritwal na pagkain, inumin, at hininga—Juan 6:51, 57; 7:37-39; 20:22:

C. Kapag tinatamasa natin ang "ngayong" Kristo sa pamamagitan ng pagkain, pag-inom, at paghinga sa Kanya, isang metabolikong proseso ang nagaganap sa loob natin, at si Kristo ay naibubuo tungo sa ating katauhan—Gal. 2:20; 2 Cor. 2:15; Fil. 1:20-21.

1. Ang ekonomiya ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin upang maranasan natin ang isang metabolikong proseso ng espiritwal na pagtunaw at pag-asimila na nagbubunga ng isang unti-unti at intrinsikong pagbabago sa buhay—2 Co. 3:18.
2. Ang metabolikong prosesong ito ay ang transpormasyon, at ang transpormasyon ay ang pagtatayo—cf. Apoc. 21:18; 4:3.

**II. Ang mga mananampalataya, na naisilang na muli kay Kristo na may buhay ng Diyos, ay ang pinagyamang lupain ng Diyos, isang bukid sa bagong paglikha ng Diyos upang palaguin si Kristo upang maibunga ang mahahalagang materyales para sa pagtatayo ng Diyos—1 Cor. 3:9:**

A. Ayon sa Biblia, ang paglago ay katumbas ng pagtatayo; nagaganap ito sa pamamagitan ng paglago ng dibinong binhi ng buhay sa loob natin—1 Juan 3:9; Col. 2:19; Efe. 4:15-16.

B. Inihahayag sa Efeso 3:17 na ang Tres-unong Diyos ay pumasok sa atin upang gawin ang isang gawaing pagtatayo sa pamamagitan ng Kanyang sarili bilang elemento at gayundin sa pamamagitan ng isang bagay mula sa atin bilang materyales.

C. Inilalarawan ito ng talinghaga ng manghahasik sa Mateo 13:

1. Inihahasik ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang binhi ng buhay tungo sa puso ng mga tao, ang lupa, upang Siya ay lumago at mamuhay sa kanila at maihayag mula loob nila—b. 3.
2. Inihahasik ang binhi tungo sa lupa upang lumago sa pamamagitan ng mga sustansiya ng lupa; bilang resulta, ang bunga ay isang kabuoan ng mga elemento mula kapwa sa binhi at sa lupa—b. 23.
3. Mayroon tayo sa loob natin ng ilang sustansiya na nilikha ng Diyos bilang isang paghahanda para sa Kanyang pagpasok sa atin upang lumago sa atin; nilikha ng Diyos ang pantaong espiritu na may mga pantaong sustansiya kasama ang pantaong puso bilang lupa para sa dibinong binhi—cf. 1 Ped. 3:4.
4. Ang bilis ng paglago natin sa buhay ay nakadepende hindi sa dibinong binhi kundi sa gaano karaming sustansiya ang ibinibigay natin sa binhing ito; higit na sustansiya ang itinutustos natin, mas mabilis lalago ang binhi at mas yayabong ito—Awit 78:8; Mat. 5:3, 8:
   a. Kung mananatili tayo sa kaluluwa, sa ating natural na tao, hindi magkakaroon ng anumang sustansiya para sa paglago ng dibinong binhi, subalit kung tayo ay mapalalakas tungo sa ating panloob na tao at kung magbibigay-pansin tayo sa ating espiritu at eensayuhin ang ating espiritu, maitutustos ang sustansiya, at gagawa si Kristo ng Kanyang tahanan sa ating mga puso—Efe. 3:16-17; Roma 8:6; 1 Tim. 4:7; cf. Jud. 19.
   b. Kung palalaguin natin ang Panginoon bilang binhi ng buhay sa loob natin upang maging ating ganap na katamasahan, kailangan nating lubusang magbukas sa Panginoon at makipagtulungan sa Kanya upang lubusang tuusin ang ating puso—Mat. 13:3-9, 19-23.

1. Sa isang panig, pinalalakas tayo ng Diyos ng Kanyang sarili bilang elemento, at sa kabilang panig, nagbibigay tayo ng mga sustansiya; sa pamamagitan ng dalawang ito ay isinasagawa ng Diyos kay Kristo ang Kanyang intrinsikong pagtatayo—ang pagtatayo ng Kanyang tahanan—sa ating buong katauhan.

**III. Inihahayag ng panalangin ng apostol sa Efeso 3 na para sa katuparan ng walang-hanggang ekonomiya ng Diyos, kailangan natin ang Ama, ayon sa mga kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, upang palakasin tayo ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, upang maitayo ni Kristo ang Kanyang sarili sa ating mga puso, maokupahan ang ating buong katauhan, upang mapuspos tayo hanggang sa maging ang buong kapuspusan ng Diyos—bb. 14-19.**

A. Ang sabihing kailangan nating mapalakas ng kapangyarihan tungo sa panloob na tao ay nagpapaghiwatig na tayo ay wala sa panloob na tao, na madalas namumuhay tayo sa panlabas na tao—b. 16; 1:19-22; 3:20.

B. Si Kristo ay may naising okupahan ang bawat silid ng ating puso:

1. Ang pariralang *makagawa ng Kanyang tahanan* ay isang salita lamang sa Griyego, *katoikeo,* na pangunahing nangangahulugang manirahan, gumawa ng isang pinananahanang lugar, at ang unlapi ng salitang ito, *kata*, ay nangangahulugang "pababa"—b. 17a.
2. Habang gumagawa si Kristo ng Kanyang tahanan sa kailaliman ng ating puso, tayo ay naiuugat sa pag-ibig para sa bukid ng Diyos at napagtitibay sa pag-ibig para sa pagtatayo ng Diyos—b. 17b.
3. Habang gumagawa si Kristo ng Kanyang tahanan sa ating puso, tayo ay nagiging malakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal ang di-masukat na Kristo, na ang mga sukat ay mga sukat ng sansinukob—b. 18:

   a. Ang ating karanasan kay Kristo sa ekklesia ay dapat may sukat sa tatlong dimensiyon, tulad ng isang kubiko (ang luwang, haba, taas, at lalim), at hindi dapat may sukat sa isang dimensiyon lamang, tulad ng isang sinulid.

   b. Kapwa sa tabernakulo at sa templo, ang Kabanal-banalan ay isang kubiko—Exo. 26:2-8; 1 Hari 6:20.

   c. Kalaunan, ang Bagong Herusalem, ang pagtatayo ng Diyos, ay magiging isang walang hanggang kubiko, ang Kabanal-banalan, labindalawang libong estadio sa tatlong dimensiyon—Apoc. 21:16.

**IV. Kung matatanto natin na ninanais ng Diyos na isagawa ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan, sa gayon ang gol ng ating gawain ay magiging ang ihain ang nagtatayo at naitayong Diyos tungo sa iba upang maitayo ng Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili tungo sa kanilang katauhan—Efe. 3:17a:**

A. Ang mahalagang bagay sa ating gawain sa pagbabawi ng Panginoon ay ang ihain ang nagtatayo at naitayong Diyos—Mat. 16:18; Efe. 2:21-22; 3:17a.

B. Dapat nating isaalang-alang muli ang gawaing ginagawa natin para sa Panginoon at tanungin kung gaanong Kristo bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos ang naisagawa na tungo sa mga nadala natin sa Panginoon—Gal. 4:19; Col. 1:28.

C. Kailangan nating isagawa ang isang bagay—ang ihain ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos tungo sa iba upang maitayo Niya ang Kanyang sarili tungo sa kanilang panloob na tao; kailangan nating manalangin na turuan tayo ng Panginoon na gumawa sa ganitong paraan—2 Cor. 13:14; 1 Cor. 3:9a, 10, 12.

D. Kapag itinayo natin ang ekklesia kalakip ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, hindi tayo sa katunayan ang nagtatayo; sa halip, ang Diyos ang nagtatayo sa pamamagitan natin, ginagamit tayo bilang isang kaparaanan upang ipamahagi at ihatid ang Kanyang sarili tungo sa iba—Gawa 9:15; 1 Cor. 14:4b; 2 Cor. 3:3-6.

E. Habang gumagawa tayo para sa Diyos ngayon, dapat tayong makilahok sa pagtatayo ng Diyos—ang pagbubuo ng dibinong elemento tungo sa pantaong elemento at ng pantaong elemento tungo sa dibinong elemento—Juan 14:10; 15:4a; 1 Juan 4:15.

F. Habang nabubuo ang dibinong elemento tungo sa ating pagkatao, tayo ay nagiging Diyos sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos, at habang nabubuo ang pantaong elemento tungo sa Diyos, ang Diyos ay nagiging tao; ito ang pagtatayong inihayag sa Bagong Tipan – Efe. 2:21; 4:16.

G. Sa pagbabawi ng Panginoon ang ating gawain ay dapat bahagi ng mutuwal na pagbubuong ito:

1. Kung ang ating gawain ay walang kaugnayan sa mutuwal na pagbubuong ito, sa gayon sa mga mata ng Diyos ang ating gawain ay tulad ng kahoy, damo, at pinaggapasan – 1 Cor. 3:12.
2. Kung ang ating gawain ay bahagi ng mutuwal na pagbubuong ito, ituturing ng Diyos ang ating gawain bilang ginto, pilak, at mahahalagang bato, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem—Apoc. 21:2, 10-11, 18-21.

H. Habang sinisikap nating isagawa ang itinalagang daan ng Diyos sa apat na hakbang ng pagsisilang, pagpapakain, pagpapasakdal, at pagtatayo, ang ating gawain ay dapat batay sa naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, na siyang nagtatayo ng Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan at nagtatayo sa kanila tungo sa Kanya.

I. Kung ihahain natin ang nagtatayo at naitayong Diyos tungo sa iba para sa kanilang paglago sa dibinong buhay, itinatayo natin ang Katawan ni Kristo, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem—Col. 2:19; Efe. 4:15-16; Apoc. 21:10.

**V. Sa kalaunan, ang Tres-unong Diyos at ang natubos na pagkatao ay mailalangkap, maihahalo, at maitatayo bilang isang entidad—ang Bagong Herusalem—bb. 2, 10:**

A. Ang Bagong Herusalem ay itinatayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbubuo ng Diyos ng Kanyang sarili tungo sa tao upang gawin ang tao na katulad ng Diyos sa buhay, sa kalikasan, at sa pagkakabuo upang ang Diyos at tao ay maging isang sama-samang entidad—bb. 18-21.

B. Ang Bagong Herusalem ay isang kabuoan ng pagkadibino at pagkataong pinaghalo at pinaglangkap bilang isang entidad; ang lahat ng sangkap ay may parehong buhay, kalikasan, at pagkakabuo at sa gayon ay isang sama-samang persona—bb. 3, 22:

1. “Diyos sa tao, tao’t Diyos / Nanahang isa’t isa; / Tao’y sinidlan ng Diyos, / Diyos sa tao’y makita”—*Mga Himno* #972, saknong 9.
2. Ang Diyos at tao, ang tao at Diyos, ay sama-samang itinayo at pinaghalo at pinaglangkap; ito ang kasukdulan ng pagtatayo ng Diyos.

C. Ang Bagong Herusalem ay isang pagkakabuo ng Diyos at tao at ng tao at Diyos, na naibuo tungo sa isa—Apoc. 22:17a; 21;3, 22:

1. Ito ang pagkadibinong nahayag sa pagkatao at pagkatao na naluwalhati sa pagkadibino, kalakip ang dibinong kaluwalhatiang maningning na sumisinag sa pagkatao—b. 11.
2. Ang dalawa—pagkadibino at pagkatao—ay nagiging isang mutuwal na pinananahanang lugar:
   a. Ang Isa na Diyos gayunma’y tao ay nananahan sa isa na tao gayunma’y Diyos.
   b. Ang isa na tao gayunma’y Diyos ay nananahan sa Isa na Diyos gayunma’y tao.

D. Ang mutuwal na tirahan na naibunga ng pagkakabuo ng dibinong elemento tungo sa pantaong elemento at ng pantaong elemento tungo sa dibinong elemento ay ang sentro at realidad ng sansinukob—bb. 1-2, 22; cf. Ecl. 1:2.

E. “Ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang nais at para sa pinakamataas na intensiyon sa Kanyang ekonomiya, ay itinatayo ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan at ang Kanyang piniling bayan tungo sa Kanyang sarili, upang Siya ay magkaroon ng isang pagkakabuo kay Kristo bilang isang paghahalo ng pagkadibino at pagkatao upang maging Kanyang organismo at ang Katawan ni Kristo, bilang Kanyang walang hanggang kahayagan at ang mutuwal na tirahan para sa nagtutubos na Diyos at tinubos na tao. Ang sukdulang kaganapan ng mahimalang istrukturang ito ng kayamanan ay magiging ang Bagong Herusalem magpasawalang-hanggan”—ang nakasulat sa puntod ni Kapatid Lee.

*© 2023 Living Stream Ministry*